Kung sakali na may isang lalaking nagbalak doon ng isang paglapastangan habang siya ay nasa Aden ni Abyan, talaga sanang nagpalasap sa kanya si Allāh ng isang pagdurusang masakit."}

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya): {Kaugnay sa sabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Ang sinumang nagnanais doon ng isang paglapastangan sa pamamagitan ng isang kawalang-katarungan ay magpapalasap Kami sa kanya ng isang pagdurusang masakit.} (Qur'ān 22:25), nagsabi siya: "Kung sakali na may isang lalaking nagbalak doon ng isang paglapastangan habang siya ay nasa Aden ni Abyan, talaga sanang nagpalasap sa kanya si Allāh ng isang pagdurusang masakit."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Aḥmad at Imām Al-Ḥākim]

Bumanggit si `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na kaugnay sa sabi ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan): {Ang sinumang nagnanais doon ng isang paglapastangan sa pamamagitan ng isang kawalang-katarungan ay magpapalasap Kami sa kanya ng isang pagdurusang masakit.} (Qur'ān 22:25), nagsabi siya: "Kung sakali na may isa sa mga tao na nagsalita sa sarili niya at nagtika na gumawa sa Ḥaram ng Makkah ng isang gawang masagwa na magtuturing na pinahihintulutan doon mula sa Ḥaram ang ipinagbawal ni Allāh sa iyo na salita o pagpatay habang nananadya na iyon ay kawalang-katarungan at kung sakali man na ang pagtitika ay nasa lungsod ng Aden sa Yemen, tunay na siya ay karapat-dapat na patamaan ni Allāh ng isang pagdurusang masakit alang-alang doon, kahit pa man hindi siya nakagawa niyon sapagkat nakasasapat kaugnay roon na magtika siya."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65331